SISTEMA NG PAGPAPAGAMOT SA JAPAN

日本の医療機関のシステム

Dito sa Japan, ang lahat ng mamamayan ay kailangang sumapi sa government-provided national health insurance. Saan mang pagamutan magtungo ay pare-pareho ang patakaran sa pagbabayad sa pagpapagamot.

Kumpara sa mga pagamutan sa ibang bansa, ang mga pagamutan dito lalo na sa mga ospital para sa mga out patient ay mga crowded. Mahabang oras ang pinaghihintay ng mga nagpapakunsulta kaya't nawa'y isa ito sa mga sistemang maunawaan ng lahat.

(1) Bago magpakunsulta:

May laang pamphlet na " GAIKOKUGO DE JUSHIN DEKIRU IRYOU KIKAN LIST" o listahan ng mga pagamutan kung saan maaaring magpakunsulta sa iba't-ibang wika. Kakaunti lang ang mga manggagamot na maaaring makapagsalita ng ibang wika, kaya't kung maaaari ay magsama kayo ng kakilalang marunong mag Japanese.

Bago magpagamot, ipaalam agad sa reception o nurse kung kayo ay may mga allergies o mga pagbabawal sa inyong kinaugalian sa inyong bansa tulad ng mga nauukol sa relihiyon o kaugalian sa inyong pang-araw-araw na pamumuhay.

(2) Mga kakailanganin sa pagpapatingin:

-Health Insurance Card

-Alien Regitration Card o pasaporte

-Ang inyong ginagamit o iniinom na gamot (kung mayroon man)

Kung mayroon at dala n'yo ang inyong health insurance card, ang babayaran n'yo sa pagpapagamot ay discounted, samantalang kung nakalimutan ninyo itong dalhin o wala kayong card, asahan na mahal ang inyong maaaring bayaran sa pagpapagamot.

(3) Oras ng pagpapatingin:

Depende sa mga pagamutan, karamihan ay bukas ang serbisyo sa umaga at sa hapon. Tuwing Sabado, karamihan ay half day lamang at kung Linggo ay sarado ang halos lahat na pagamutan. Kaya't bago magtungo sa pagamutan, mangyaring i-check muna ang mga schedule nila.

Para sa mga emergency na pagpapagamot, maaari kayong tumunghay sa homepage ng SAME. Nakasaad at naka-update doon sa top page ng bawa't wika ang "TOBAN IRYOU" o incharge na manggagamot.

Ilang pointers na dapat gawin nauukol sa pagpapagamot para sa mga out patients.
(1) Kung magtutungo sa pagamutan: Ipaalam sa reception na "SHOSHIN DESU" o unang araw ninyo sa pagpapagamot. Ibigay ang inyong Health Insurance card. Mayroong consultation form na dapat ninyong sagutan, matapos ninyo itong sagutan ay ibalik ito sa reception at maghintay sa waiting room para sa inyong turn sa pagpapagamot.
(2) Pagpapagamot: Kapag tinawag na ang inyong pangalan, pumasok na kayo sa consultation room. Matapos kayong ma-check-up, kung kinakailangang bumalik kayo ay tatanungin kayo para sa inyong susunod na reservation ng pagpapagamot.
(3) Pagbabayad: Dapat bayaran ang pagpapagamot ng cash. Mangyaring itago ang resibo na matatanggap. Maaaring makatulong ang resibo bilang parte ng pagpapatunay sakali mang mahal ang inyong binayan sa pagpapagamot sa loob ng isang buwan. Sa loob ng isang taon, kapag ang binayaran ninyo ay lumagpas sa 100,000 yen, ang inyong buwis ay maaaring mapamura. Kaya't mahalagang itago ninyo ang mga resibo na pinagbayaran sa inyong pagpapagamot.
(4) Pag-claim sa mga gamot: Matapos ang inyong pagbabayad sa pagpapagamot ay mayroong SHOHOUSEN o prescription na iaabot sa inyo. Magtungo kayo sa pharmacy para doon kunin ang gamot. Ang bayad sa gamot ay bukod sa pharmacy. Kung sa loob ng ospital naman dapat kunin ang gamot, magtungo kayo sa pharmacy window o YAKKYOKU MADO GUCHI para doon i-claim ang inyong gamot. Kasama na sa inyong binayan sa pagpapagamot ang mga gamot.

* kung kayo naman ay SAISHIN o babalik sa pagamutan, magtungo kayo naaayon sa inyong reservation o kung wala mang reservation ay sa oras na bukas ang pagamutan. Ibigay sa counter ang inyong SHINSATSUKEN o patient registration card at maghintay na kayo ay tawagin. (Kung wala kayong patient registration card ay may pagkakataong di kayo matitingnan, kaya't mangyaring huwag kalimutan ang inyong mga card)